ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Modelong Eklektiko at Akademikong Pagganap sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Lampayan

Ivy Rose G. Pascual*[1], Nor-en B. Bangkulit, PhD[2]
[1, 2] Lampayan National High School, Lampayan, Matalam, Cotabato
Corresponding Author email: *ivyrosegemanga@gmail.com*

**Received**: 01 March 2025 **Revised**: 02 April 2025 **Accepted**: 05 April 2025

**Available Online**: 06 April 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

**https://doi.org/10.63498/nxz2st259**

***Abstrak***
**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang kahusayan at epekto ng paggamit ng Modelong Eklektiko (*Basal Reading* at *Language Experience Approaches*) sa akademikong pagganap sa pagbasa.
**Metodolohiya:** Gamit ang kwasi-eksperimental na disenyo gamit ang purposive sampling sa pamamaraang lottery, isinagawa ang pananaliksik sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Lampayan sa ikatatlong markahan sa taong panuruan 2024-2025. Gumamit ang mananaliksik ng pauna at panghuling pagsusulit at magkasunod na sarbey upang alamin ang antas ng integrasyon at pagtanggap ng modelong eklektiko bilang paraan sa pagtuturo sa pabasa.
**Resulta:** Batay sa naging resulta, inilahad ang napakataas na antas ng integrasyon ng modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa. Dagdag pa rito, hindi umabot sa ekspektasyon ang antas ng resulta ng paunang pagsuslit sa akademikong pagganap sa pagbasa subalit tumaas ang naging kinalabasan ng panghuling pagsusulit na inilalarawang namumukod matapos ang pagpapatupad ng modelong eklektiko. Kinakitaan ng napakataas na pagtanggap ang paggamit ng modelong eklektiko mula sa mga guro at mag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit.
**Konklusyon:** Ang eklektikong modelo ay epektibo sa pagpapabuti ng akademikong pagganap sa pagbasa at maaari itong maging epektibong paraan sa pagtugon sa pangangailan ng mga *Frustrated Readers* sa Junior High School.

***Mga Susing Salita:*** modelong eklektiko, akademikong pagganap, *basal reading approach*, *language experience approach*

## INTRODUKSYON

Sa mabilis na pagbabago ng tanawin ng edukasyon, ang pagbabasa ay hindi lamang isang kritikal na kasanayan kundi itinuturing itong isang daan patungo sa pagkatuto sa lahat ng asignatura. Pangunahing kasangkapan ito upang maunawaan ang mas komplikadong mga teksto at konsepto, na mahalaga para sa pag-unlad sa akademiko. Isang mahalagang salik ang kahusayan sa pagbabasa sa mga mag-aaral sa Junior High School at ng kanilang pangkalahatang pagganap sa akademiko. Sa kabila ng kahalagahan nito, tumataas ang bilang ng mga mag-aaral na patuloy na nahihirapan sa pagbabasa, at may iilan sa kanila ang nananatiling hindi marunong magbasa kahit na nasa Junior High School na. Ang kahusayan sa pagbasa ay hindi lamang isang kasanayan na dapat matutuhan kundi isang pundasyon para sa panghabambuhay na pagpapaunlad sa sarili at pagkatuto. Samakatuwid, ang pamumuhunan ng edukasyon sa pagbasa ay isang pamumuhunan sa kinabukasan ng mga estudyante at ng lipunan.

Hindi bago ang penomenon ng dumaraming bilang ng hindi marunong bumasa sa sekondarya. Isa itong napapanahong isyu lalo na sa mga bansang Asya, Europa, at Amerika, na may mga kasong pagbaba sa interes at kahusayan sa pagbasa. Madalas itong tukuyin bilang krisis na humahantong sa pagtaas ng sekundaryong *illiteracy*, lalo na sa mga lalaki, na mas mababa kaysa sa mga kababaihan (Mylcheno, 2022). Maraming salik ang maaaring maiugnay dito kabilang ang kakulangan ng epektibong programa para sa pagbasa at ang mga kakailanganin para sa mga estratehiyang panturo na makatutulong sa paglinang ng kaisipan ng mga mag-aral (Stolyarov Yu, 2023). Dagdag pa rito, iniuugnay ang mataas na antas ng literasi sa mga bansang nagkakaroon ng mahusay na pag-unlad sa ekonomiya at panlipunan (OECD, 2022).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Sa pambansang antas, ang mga ulat mula sa *Department of Education* (DepEd) ang mga hamong patuloy na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Pilipinas pagdating sa pagbasa. Ayon sa pinakahuling datos na inilathala noong 2018 ukol sa *Programme for International Student Assessment* (OECD, 2022), mula sa 76 bansang kasangkot, pangalawa ang Pilipinas sa may pinakamataas na bahagdan (71.8%) ng mababang performans sa larangan ng Matematika, Agham at Pagbasa. Dagdag pa sa parehong pag-aaral, maraming mag-aaral sa Pilipinas na nasa 15 taong gulang ang may pinakamababang komprehensiyon sa binasa (DepEd, 2023). Ang mga ganitong datos ay nagbigay-diin sa pangangailangan para sa mga makabagong pamamaraang panturo na maaaring makatugon sa mga kahinaan sa pagbasa.

Sa lokal na konteksto, ang Mataas na Pambansang Paaralan ng Lampayan ay nakararanas ng mga magkakatulad na hamon. Batay sa ulat ng mga guro, nahihirapang umunawa ang maraming mag-aaral ng mga tekstong kanilang binabasa. Katunayan dito ang resulta sa isinagawang *Phil-IRI* ng paaralan na kung saan marami ang mga baitang o seksyon ang nasa antas na *frustration* na nagreresulta sa mababang marka sa mga pagsusulit sa pagbasa. Ayon sa 2023-2024 *School Monitoring, Evaluation, and Plan Adjustments (SMEPA) Report*, naitala ng LNHS ang 15.52% na *rate* ng mga hindi marunong bumasa at mabagal na mambabasa, na bahagyang bumaba sa 11.84% sa 2024-2025 *School Reading Coordinator Baseline Report* sa simula ng taong panuruan. Gayunpaman, isang malaking alalahanin ang lumitaw sa antas ng Baitang 9, kung saan ang porsyento ng mga hindi marunong bumasa kung saan tumaas mula sa 11.24% sa nagdaang taon hanggang sa 20.94% sa kasalukuyang taon. Ang nakababahalang pagtaas na ito sa mga nahihirapan sa pagbasa ay nangangailangan ng pokus na interbensyon (Lampayan National High School Annual Report, 2023). Ang kakulangan sa mga epektibong metodolohiya sa pagtuturo ng pagbasa ay nagiging sagabal sa kanilang akademikong pagganap at pag-unlad.

Ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo, tulad ng Modelong Eklektiko, ay naging sentro ng diskurso sa mga sistema ng edukasyon, na naglalayong mapabuti ang kasanayang umunawa at bumasa ng iba't ibang konteksto (OECD, 2022). Sa pagsusuri ng mga naunang pananaliksik, napansin ang kakulangan sa pagtuon sa *Modelong Eklektiko* sa konteksto ng lokal na edukasyon. Maraming pag-aaral ang nakatuon lamang sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo at hindi sapat ang pag-imbestiga sa mga integratibong modelo na maaaring makatulong sa mga estudyante. Karagdagan pa rito, sa kabila ng dumaraming pag-aaral patungkol sa paggamit ng *Modelong Eklektiko* upang patunayang epektibo ang pamamaraan sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa, nangangailangan parin ng karagdagang detalye tungkol dito. Maaaring hindi ganap na nasusukat ang mga epekto sa pagganap sa pagbasa ng *Modelong Eklektiko*, partikular na aspeto ng pagbasa tulad ng pagbuo ng mga konklusyon, pag-unawa sa teksto o di naman kaya sa pagsusuri ng impormasyon (Ofosua, 2023; Reyes et al., 2022)**.** Upang malalimang maunawaan ang epekto ng eklektikong pamamaraan, pinagtuonan ng pansin ang mga nakitang gaps patungkol sa epekto ng *Modelong Eklektiko* sa akademikong pagganap sa pagbasa.

Inilatag ng mananaliksik ang mga dahilan, kahalagahan, kung bakit kinakailangan isagawa sa madaliang panahon ang pagsusuri sa potensyal ng *Modelong Eklektiko* na makapagbigay ng mas *personalized* na karanasan sa pagtuturo, na maaaring mas tumugma sa pangangailangan ng mga estudyante. Ayon sa nakaraang ulat ng distrito, maraming guro ang nag-ulat sa kakulangan ng mga estratehiyang panturo at tinukoy bilang sanhi ng hindi magandang pagganap sa pagbasa. Ang pagbibigay-diin sa mga diskarte o pamamaraan ay maaaring maging susi sa pagtaas ng interes ng mag-aaral at kakayahan nila sa pagbasa (District Education Office, 2023). Kaya naman, isinagawa ng mananaliksik ang agarang pagsuri kung mayroon bang makabuluhang epekto sa akademikong pagganap sa pagbasa ang paggamit ng *Modelong Eklektiko*. Inaasahang makapagbigay ng mga rekomendasyon at estratehiya na maaaring makatulong sa mga guro, mapabuti ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at, sa huli, ang kanilang pangkalahatang akademikong pagganap. Ayon sa mga eksperto, maaaring magamit ang *Modelong Eklektiko* upang matiyak ang pangmatagalang pag-unawa sa mga teksto. Samakatuwid, inilalahad ng pananaliksik na ito ang mahalagang papel ng pagpapabuti sa pagtuturo ng pagbabasa para sa mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay tukuyin ang kahusayan at epekto ng paggamit ng *Modelong Eklektiko* sa akademikong pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Layong bigyang kasagutan ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng integrasyon ng Modelong Eklektiko *(Basal Reading* at *Language Experience Approaches)* sa pagtuturo ng pagbasa batay sa:
    1.1. Pagganyak;
    1.2. Aktibiti;
    1.3. Analisis;



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

1.4. Abstraksyon;
1.5. Aplikasyon; at
1.6. Ebalwasyon?

2. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko *(Basal Reading* at *Language Experience Approaches)* batay sa resulta ng:
   2.1. Paunang pagsusulit; at
   2.2. Panghuling pagsusulit?
3. Ano ang *mean gain score* ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko *(Basal Reading* at *Language Experience Approaches)* batay sa resulta ng pauna at panghuling pagsusulit?
4. May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko *(Basal Reading* at *Language Experience Approaches)*?
5. Ano antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa paggamit ng Modelong Eklektiko *(Basal Reading* at *Language Experience Approaches)* sa pagtuturo ng pagbasa batay sa:
   5.1. Kaangkupan;
   5.2. Pakikilahok;
   5.3. Kasanayan; at
   5.4. Aplikasyon?

**Ipotesis**

Sinubok ng pananaliksik ang *null hypothesis* gamit ang 0.05 antas ng kabuluhan.

$H_0$1: Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko.

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pag-aaral**

Gumamit ang mananaliksik ng kwantitatibong metodo gamit ang kwasi-eksperimental na disenyo na naglalayong suriin ang mga interbensyon nang walang random na pagtatalaga.

**Respondente at Sampling Teknik**

Ang mga naging kalahok or respondente ng pananaliksik ay mga estudyante sa baitang 9 sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Lampayan, Lampayan, Matalam, Cotabato gamit ang *purposive sampling* particular ang *lottery method* upang tiyak na mapipili ang mga respondente na mapapabilang sa *heterogenous grouping* na may tatlumpu't limang (35) kabuoang biula sa mga natukoy na *Frustrated Learners* pagkatapos isagawa ang *initial screening* sa pagbasa. Ang punongguro, mga gurong tagapag-obserba, at mga kalahok ang naging mga tagapagsagot para tukuyin ang antas ng integrasyon at pagtanggap sa *Modelong Eklektiko* sa gawaing pagtuturo.

**Instrumento**

Sa pagtaya sa kaalaman ng mga respondente at makakalap ng datos ukol sa grupo, gumamit ng pauna at panghuling pagsusulit. Nagsilbing pangunahing materyal ng pananaliksik ang pauna at panghuling pagsusulit na sinagutan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng mga aralin na ginamitan ng eklektikong pamamaraan sa pagtuturo. Ang pagsusulit ay ginamit para tukuyin ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa. Naghanda ang mananaliksik ng Talahanayan ng Ispesipikasyon upang matiyak na saklaw ng mabubuong pagsusulit ang mga layuning binuo batay sa mga araling tatalakayin upang matukoy ang *content validity* ng mga aytem sa pagsusulit. Upang matukoy ang balidity ng pagsusulit isinagawa ng mananaliksik ang *pilot testing* bago ang pangwakas na pagbibigay ng pagsusulit sa lahat ng kalahok upang malaman kung gaano katatag at wasto ang pagsusulit.

Anim na dalubhasang guro sa Filipino na may digring masteral sa pagtuturo ng Filpino ang nagsilbing balideytor ng mga nabuong talatanungan na nasa anyo ng pagsusulit. Ang pagsusulit ay binubuo ng 50 aytem na may *internal consistency* na 0.99 batay sa *Kuder-Richardson formula 20* (KR20). Ang mga instrumentong ginamit ay may sumusunod na resulta ng S-CVI/Ave at S-CVI/UA: Instrumentong pauna at panghuling pagsusulit ay may S-CVI/Ave= 0.91 at S-CVI/UA = 0.01, ang talatanungan para sa antas ng integrasyon ng modelong eklektiko sa pagtuturo ay may S-CVI/Ave= 0.99 at S-CVI/UA = 0.01, ang talatanungan naman para sa antas ng pagtanggap ng


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa para sa mga guro ay may S-CVI/Ave= 1 at S-CVI/UA = 0.02; at antas ng Pagtanggap ng *Modelong Eklektiko* sa Pagtuturo ng Pagbasa para sa mga mag-aaral ay may S-CVI/Ave= 1 at S-CVI/UA = 0.02.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Sa pangangalap ng datos, sinigurado ang mga pahintulot mula sa dekana ng Gradwadong Paaralan, sa tagapamanihala ng sangay at punongguro ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lampayan. Isinagawa ang paunang pagsusulit sa natukoy na mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Para matukoy ang epekto ng Modelong Eklektiko sa akademikong pagganap sa pagbasa isinagawa ng mananaliksik ang pagtuturo gamit ang pinaghalong *basal reading approach* at *language experience approach*. Ang sesyon ay inabot hanggang tatlumpong sesyon para sa mabisang resulta. Pagkatapos ng pagsasagawa ng mga sesyon ay ibinigay na ang panghuling pagsusulit sa mga kalahok. Ang punongguro, mga gurong tagapag-obserba, at mga kalahok ang naging mga tagapagsagot para tukuyin ang antas ng integrasyon at pagtanggap sa *Modelong Eklektiko* sa gawaing pagtuturo. Pagkatapos makuha ang mga sagot, kinalkula ang mga marka, itinutal, at sinuri nang istadistikal.

**Istatistikal Tritment**

Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang-kahulugan gamit ang angkop na mga *tool* sa pagsusuri ng istatistika partikulaw ang paggamit ng *Descriptive Statistics* sa pagkuha ng antas ng integrasyon at pagtanggap ng *Modelong Eklektiko* sa gawaing pagtuturo, kabilang ang pagkalkula at interpretasyon ng *mean percentage score* hango sa batayang hinalaw mula sa Kagawaran ng Edukasyon (2012). Ang mga marka ng datos mula sa pauna at panghuling pagsusulit ay sinuri gamit ang *paired t-test* para matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap sa pagbasa ang mga kalahok bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko.

**Etikal na Konsiderasyon**

Sinugurado ng mananaliksik ang pagsunod sa etikal na konsiderasyon sa aktuwal na pagsasagawa ng pag-aaral, binigyan ang mga kalahok ng *informed consent* na may panimulang script na detalyadong nagpapaliwanag ng kabuoang layunin ng pananaliksik, mga kinakailangan nito, kung bakit sila hihilinging lumahok, pagpapanatiling anonymous sa pagkakakilanlan, kusang loob na paglahok, pagiging kumpidensyal, at ang mangyayari sa impormasyong ibibigay nila, resultang malalaman, potensyal na disabentahe na maaaring maidulot ng paglahok, at ang numero ng telepono ng mananaliksik. Ipinaliwanag din ang kahalagahan ng pananaliksik sa mga kalahok. Bukod pa rito, ang pagkuha ng datos ay kakailanganin sa pagbibigay ng pagsusulit bago at pagkatapos ng interbensyon. Upang mabawasan ang epekto ng Hawthorne, isang paunang oryentasyon ang tiniyak. Ito ay ginawa upang maitatag ang isang mabuting relasyon ng mananaliksik at mga respondente. Ipinaliwanag ang layunin ng pananaliksik sa mga kalahok bago, sa panahon, at pagkatapos ng tagal ng aktibidad.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Antas ng Integrasyon ng Modelong Eklektiko sa Pagtuturo ng Pagbasa**

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang antas ng integrasyon sa paggamit ng modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa mga sumusunod na pamantayan: pagganyak, aktibiti, analisis, abstraksyon, aplikasyon at ebalwasyon.

**Talahanayan 1. Antas ng Integrasyon ng Modelong Eklektiko sa Pagtuturo ng Pagbasa**

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pangganyak | 4.67 | 0.49 | Napakataas na Integrasyon |
| Aktibiti | 4.40 | 0.51 | Napakataas na Integrasyon |
| Analisis | 4.33 | 0.62 | Napakataas na Integrasyon |
| Abstraksyon | 4.53 | 0.52 | Napakataas na Integrasyon |
| Aplikasyon | 4.53 | 0.58 | Napakataas na Integrasyon |
| Ebalwasyon | 4.40 | 0.51 | Napakataas na Integrasyon |
| **Kabuoan** | **4.48** | **0.52** | **Napakataas na Integrasyon** |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Ang resulta ay nagpapakita na ang modelong eklektiko bilang gamit sa pagtuturo ng pagbasa ay nagpapakita ng napakataas na integrasyon na may kabuoang *mean score* na 4.48 (SD = 0.52). Batay sa lahat ng aspeto ng proseso ng pagtuturo, ang pagganyak ang may pinakamataas ng mean na 4.67 (SD = 0.49) na sinusundan ng abastraksyon (SD = 0.52) at aplikasyon (SD = 0.58) na may parehong nakuhang mean na 4.53. Ang pamantayan ng aktibiti (SD = 0.51) at ebalwasyon (SD = 0.51) ay nakakuha naman ng parehong mean na 4.40 habang ang analisis ay nakakuha ng mean na 4.33 (SD = 0.62). Ipinapakita na lahat ng aspeto ng proseso ng pagtuturo batay sa kanilang mean na lahat ay nasa kategoryang napakataas na integrasyon.

Ipinapahiwatig ng resulta na ang kabuoang *mean score* ay nagpapakita ng matibay at mahusay na integrasyon ng modelong eklektiko sa partikular ang paggamit ng *Basal Reading* at *Language Experience Approaches* bilang epektibong nakapagbigay ng makahulugang karanasan sa pagtuturo ng pagbasa. Ipinapakita na napakataas na antas ng integrasyon sa mga dimensyon ng pagganyak, aplikasyon, abstraksyon, ebalwasyon, at aktibiti ay nangangahulugang epektibo ang mga estratehiyang ginamit ng modelong ekelektiko sa pagpapasigla ng interes, pagbuo at pag-uugnay ng mga konseptong natutuhan, paggamit ng kaalaman sa aktuwal na sitwasyon, pagtataya sa sariling natutuhan, at aktibong pakikilahok. Sa aspeto ng analisis, bagaman nananatili sa napakataas na integrasyon, ito ay may mababang mean sa lahat ng dimensyon, nagpapahiwatig ito na may puwang pa para sa pagpapabuti nga paggamit ng modelong eklektiko upang higit na mapaunlad ang kakayahan ang isa bata sa pagsusuring kritikal. Gayunpaman, kinakitaan ang modelong eklektiko base sa resulta ng pananaliksik ng matibay at mahusay na integrasyon bilang gamit sa pagtuturo ng pagbasa.

Sinasang-ayunan ng resulta ang mga nabuong konklusyong inilathala ng naunang mga pag-aaral na ang modelong eklektiko ay nagpapakita na mas may pagkakataon ang mga bata na matutuhan ang maraming konsepto at kasanayan mula sa iba't ibang perspektibo. Ang modelong ito ay nagpapakita ng pagiging *flexible* at *adaptable* ng isang guro sa pagtuturo sa magkakaibang estudyante (Merriam, 2015) na may potensyal na mapabuti ang kalidad ng edukasyon sapagkat pinagtutuunan ng pansin ang pangangailangan indibidwal para mapabuti ang kanilang kahusayan sa pagbasa (Rodriguez et al., 2018). Kinakitaan rin na nagpapabuti ng kahusayan sa komunikasyon sa tuwing ginagamit ng guro ang modelong eklektiko na nakapagbibigay ng kapaki-pakinabang na karanasan ng mga estudyante sa Junior High School (Ghafar et al., 2023). Mahalagang nauunawaan ng guro ang paggamit ng mga nakahabing estratehiya kagaya ng eklektikong modelo na maaaring mapahusay ang pakikilahok at pagganap sa akademiko sa mga mag-aaral (Rizki et al., 2024).

**Antas ng Akademikong Pagganap sa Pagbasa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

Ang antas sa akademikong pagganap sa pagbasa ay ipinapakita sa talahanayan 2 batay sa isinagawang pauna at pahuling pagsusulit matapos gamitin ang modelong eklektiko gamit ang *Basal Reading* at *Language Experience Approaches.*

**Talahanayan 2. Antas ng Akademikong Pagganap sa Pagbasa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

| Pagsusulit | Mean | Deskriptibong Reyting |
|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 18.26 | **Hindi umabot sa ekspektasyon** |
| Panghuling Pagsusulit | 34.86 | **Namumukod** |

Makikita na ang *average* na iskor bago gamitin ang modelong eklektiko bilang interbensyon sa akademikong pagganap ay 18.26 na may deskripsyon na hindi umabot sa ekspektasyon at may interpretasyong 74 at pababa ang kahusayan ng mga respondente sa pagbasa sa paunang pagsusulit. Samantala, pagkatapos ang paggamit ng modelong eklektiko, makikita ang malaking pagkakaiba sa nakuhang iskor na may *mean* na 34.86 na may deskripsyong namumukod at may interpretasyong 90 bahagdan at pataas ang antas ng kahusayan sa pagbasa.

Ipinapakita na ang pagtaas sa pagganap sa pagbasa ng mga kalahok sa pagbasa matapos ang paggamit ng modelong eklektiko bilang pamamaraan sa pagtuturo sa pagbasa. Ang paunang pagsusulit ay nagpakita ng mababang lebel ng pagganap sa pagbasa. Samantala, pagkatapos ang paggamit ng *Basal Reading* at *Language Experience Approaches*, kapansin-pansin ang pagtaas ng marka sa paghuling pagsusulit**.** Ang resulta ng pananaliksik ay nanganahulugang ang pagsasama ng mga ganitong uri ng estratehiya ay mabisa upang mapaunlad at mapahusay ang kasanayan sa pagbasa.

May pagkakatulad ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga naunang paganaliksik na tungkol sa malayong agwat ng iskor batay sa pauna at panghuling pagsusulit. Ang akademikong pagganap sa pagbasa ay isang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

mahalagang sukatan na mapataas ang kasanayan sa pagbasa (García et al., 2019). Nakikinabang ang mga bata sa mga kombinasyong estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng pagbasa na nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at nagbibigay ng mas maraming kasanayan sa pagbabasa (Reyes et al., 2020). Kaya nagpapakita na ang Modelong Eklektiko ay may positibong epekto sa kahusayan ng mga estudyante (Azzahra, 2022).

**Mean Gain Score batay sa Resulta ng Pauna at Panghuling Pagsusulit**

Ipinapakita ng talahanayan 3 ang *mean gain score* bago at pagkatapos ng pagsusulit matapos gamitin ang modelong eklektiko.

**Talahanayan 3. Mean Gain Score ng Akademikong Pagganap sa Pagbasa batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

| Pagsusulit | Mean | Mean Gain Score |
|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 18.26 | 16.6 |
| Panghuling Pagsusulit | 34.86 | |

Matapos gamitin ang interbensyong eklektikong modelo naipapakita sa resulta na nakapagtala ng *mean gain score* na 16.6. Masasabing nagkaroon ng pag-angat sa kahusayan sa pagbasa ang mga mag-aaral dahil tumaas ang antas ng kahusayan mula sa 18.26 na *mean* sa paunang pagsusulit.

Pinapatunayan lamang na epektibo ang paggamit ng modelong eklektiko sa pag-unlad ng pagganap sa pagbasa ng mga estudyante kung susuriin ang epekto nito sa pagganap sa pagbasa. Ang pagtaas ng marka sa pagsusulit ay nagpapakita na ang modelong eklektiko ay epektibo sa pagpapahusay ng pagganap ng estudyante sa pagbasa.

Kagaya ng kaparehong pag-aaral ukol sa pagsusuri ng kabisaan ng eklektikong modelo, inilahad ang datos na sumasang-ayon sa naging resulta ng pananaliksik. Sa pag-aral ni Supiningsih (2018) kaugnay sa paggamit ng modelong eklektiko, nagpakitang na ang pamamaraan ay may bentahe sa pagpapahusay sa akademikong pagganap, malaki ang porsyento ng pataas ng pamantayang pang-akademya mula 14% hanggang 93% pagkatapos ng pagpapatupad. Gayundin sa pag-aral nina Chernus et al. (2022) na kinakitaan ng average na pagtaas na 7.3 puntos matapos ang paggamit ng eklektikong modelo. Sinusuportahan naman ito ng pag-aral ni Dizon (2021), na nagsasabing mas mataas na *engagement* sa mga aktibidad ang nauugnay sa pagbasa at mas magaan ang pakiramdam ng mga estudyante sa mga pagsusulit kung nauunawaan nila ang teksto ng maayos.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Akademikong Pagganap sa Pagabasa Batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

Ang talahanayan 4 ay naglalahad ng resulta ng estatistikang pag-analisa hinggil sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akademikong pagganap sa pagbasa batay sa resulta ng pauna at panghuling pagsusulit.

**Talahanayan 4. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Akademikong Pagganap sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Batay sa Panghuling Pagsusulit**

| Pagsusulit | n | Mean | SD | t-value | df | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 35 | 18.26 | 4.02 | -14.49 | 68 | .000 | May makabuluhang pagkakaiba |
| Panghuling Pagsusulit | 35 | 34.86 | 5.46 | | | | |

Ipinapakita sa resulta ng pag-aaral mula sa tatlumput-limang (35) mag-aaral ay nakakuha ng *mean* score sa paunang pagsusulit na 18.26(SD = 4.02) at paghuling pagsusulit na may mean score na 34.86 (SD =5.46). Gamit ang *paired t-test*, tinukoy na may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap sa pagbasa matapos gamitin ang modelong eklektiko sa pagtuturo (*t-value = -14.49*) na nakapagtamo ng p-value na .000 na nagpapahiwatig ng isang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang at panghuling pagsusulit.

Ang sinuring resulta ay nagpapakita ng malaking pag-unlad mula sa mga estudyante ukol sa kanilang pagganap pagbasa. Lumalabas na mataas ang antas ng akademikong pagganap sa pagbasa. Ipinapakita ang resulta na ang pagtaas sa marka at ang makabuluhang pagkakaiba sa *mean scores* bago at pagkatapos ng pagsusulit ay



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

hindi dahil nagkataon lamang kundi ito ay resulta ng epektibong interbensyong ginamit. Ang makabuluhang pagkakaiba ay sumusuporta sa bisa ng modelong eklektiko gamit ang *basal reading approach at language experience approach* bilang pamamaraan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa kung kaya ang ipotesis ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Modelong Eklektiko ay hindi tinatanggap.

Kinakitaan ng parehong resulta ang nakuhang datos na sinusuportaan ng pag-aaral ni Liekum (2022) na ang pinagsasamang estratehiyang ginamit upang magturo ay may makabuluhang pagpapabuti kung paano inuunawa ng mga estudyante ang mga binabasa. Dagdag dito ang nakitang positibong impluwensya sa nito sa tagumpay ng mga bata at makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa sa ikalawang wika (Valencia et al., 2024). Ang modelong eklektiko ay isang mahalagang kagamitan sa pagpapalakas kung papano umunawa ang mga estudyante upang mapabuti ang pagganap sa isang asignatura (Rehman, 2023).

**Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Paggamit ng Modelong Eklektiko sa Pagtuturo ng Pagbasa**

Ipinapakita ng talahanayan 5 ang paglalahad ng pangkalahatang resulta ng antas ng pagtanggap ng mga guro sa paggamit ng modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa batay sa aspeto ng kaangkupan, pakikilahok, kasanayan, at aplikasyon.

**Talahanayan 5. Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Paggamit ng Modelong Eklektiko sa Pagtuturo ng Pagbasa.**

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan | 4.33 | 0.49 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Pakikilahok | 4.47 | 0.52 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Kasanayan | 4.33 | 0.62 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Aplikasyon | 4.73 | 0.46 | Napakataas ng Pagtanggap |
| **Kabuoan** | **4.47** | **0.54** | **Napakataas ng Pagtanggap** |

Bilang pagtataya kung gaano kataas ang lebel ng pagtanggap ng mga guro sa modelong eklektiko ay nakapagtamo ng resulta ng mga *mean score* na nasa saklaw ng napakataas ng pagtanggap sa lahat ng dimensyon. Ang dimensyon ng aplikasyon ang nakakuha ng napakataas na mean na 4.73 (SD = 0.46) na sinusundan ng dimensyon ng pakikilahok na may *mean* na 4.47 (SD = 0.52). Sa karagdagan, ang mga dimensyon ng kasanayan (SD = 0.62) at kaangkupan (SD = 0.49) ay parehong nakakuha ng *mean* na 4.33. Sa kabuoan, ang modelong eklektiko ay nakakuha ng napakataas ng pagtanggap mula sa mga guro na may kabuoang mean na 4.47 (SD = 0.54).

Malinaw na napakataas na antas ang pagtanggap ng mga guro sa eklektikong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa. Ang mataas na *mean* sa mga dimensyon ng aplikasyon, pakikilahok, kaangkupan, at kasanayan ay nagpapakita na hindi lamang sila naniniwala sa bisa ng eklektikong pamamaraan kundi handa rin silang gamitin ito sa kanilang klase, kinakitaan ng aktibo, positibo, at pinupukaw ang motibasyon ng mga etudyante sa paggamit ng kombinasyong estratehiya para mapabuti ang kanilang pagganap sa pagbasa. Ipinapakita ng mga guro na sila ay naniniwala sa eklektikong pamamaraan bilang akma sa pangangailangan ng mga estudyante. Higit pa rito ipinapakita ng mataas na kabuoang *mean* na ang pamamaraang eklektiko ay lubos na tinatanggap at maaring gamitin bilang isang epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa.

Sinusuportahan ang resulta ng naunang pananaliksik na ang modelong eklektiko ay nagtataguyod ng isang dinamikong kaligiran ng pagkatuto, na naghihikayat sa kasiyahan at aktibong pakikilahok, na mahalaga para sa akademikong pagganap (Mohamad, 2024). Ang pagbuo ng mga kombinasyong pamamaraang pampagbasa ay nagpapahiwatig na ang isang guro ay nakagagawa ng epektibong pamamaraan para bigyang indibidwal na suporta ang mga batang may kahirapan sa pagbasa (Noval, 2024). Ang mga interaktibong pamamaraan gaya ng modelong eklektiko na batay sa mga teknik sa pagkatuto ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng pag-unawa at interes na magreresulta sa paghubog ang pagmamahal sa pagbasa (Liekum, 2022).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

**Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Modelong Eklektiko**

Ipinapakita sa talahanayan 6 ang paglalahad ng pangkalahatang resulta ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa.

**Talahanayan 6. Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Modelong Eklektiko sa Pagtuturo ng Pagbasa.**

| Pamantayan | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan | 4.30 | 0.85 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Pakikilahok | 4.38 | 0.81 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Kasanayan | 4.38 | 0.76 | Napakataas ng Pagtanggap |
| Aplikasyon | 4.39 | 0.84 | Napakataas ng Pagtanggap |
| **Kabuoan** | **4.36** | **0.82** | **Napakataas ng Pagtanggap** |

Inilalahad sa resulta batay sa isinagawang pagtataya sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa modelong eklektiko ay nakapagtamo ng mga *mean score* na nasa saklaw ng napakataas ng pagtanggap sa lahat ng dimensyon. Ang dimensyon ng aplikasyon ang kinakitaan ng pinakamataas na *mean* na 4.39 (SD = 0.84) na sinusundan ng mga dimensyon ng pakikilahok (SD = 0.81) at kasanayan (SD = 0.76) na may parehong *mean* na 4.38. Sa karagdagan, ang mga dimensyon ng kaangkupan ay may *mean* na 4.30 (SD = 0.85). Sa kabuoan, ang modelong eklektiko ay nakakuha ng napakataas ng pagtanggap mula sa mga mag-aaral na may kabuoang *mean* na 4.36 (SD = 0.82) na may deskriptibong pagpapakahulugan ng napakataas na pagtanggap.

Ang datos na nalikom ay nagpapahiwatig na lubos na tinatanggap ang paggamit ng pamamaraang eklektiko partikular ang kombinasyong paggamit ng *basal reading approach at language experience approach* bilang epektibong mga pamamaraan sa pagpapahusay ng karanasan sa pagkatutong bumasa ng mga estudyante. Ang mataas na *mean* sa aspeto ng aplikasyon, pakikilahok, kaangkupan, at kasanayan ay naglalahad na ang mga estudyante ay nakikita ang halaga ng eklektikong modelo sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa, nagiging masigasig sa pagkatuto, at naniniwalang angkop ang pamamaraang eklektiko sa pangangailangan nila bilang mag-aaral, at nakikitang umuunlad ang kanilang kakayahang bumabsa gamit ang mga nabanggit na pamamaraan.

Iba't ibang saliksik ang nagpapakita na ang paggamit ng isang modelong eklektiko ay nagpapalakas ng pakikilahok at nagpapabuti sa akadeikong pagganap ng mga estudyante. Sinusuportahan ng konklusyong bahagi nina Ninsiana et al. (2022) at Julita (2023) na ang modelong eklektiko ay tumutugon magkakaibang istilo ng pagkatuto na nagpapadali sa epektibo at kasiya-siyang karanasan sa mga Junior High School at binibigyang-diin ang pinahusay na pakikilahok, kumpiyansa, at pag-unawa sa materyal na pinag-aaralan.

Ang kombinasyong pamamaraan sa pagtuturo ay nag-uudyok ng aktibong pakikilahok at pagganyak (Julita, 2023). Dagdag pa rito, ang pag-aaral sa bisa ng pamamaraang modelong eklektiko ay nagpapakita ng positibong pagbabago sa saloobin ng mga estudyante sa pagtanggap ng nararansang estratehiya (Brett, 2020). Ang positibong pakikilahok at kasiyahang nararanasan sa mga aktibidad sa pagbabasa ay lalong sumusuporta sa kahusayan ng modelo, na nagpapahiwatig na dapat isaalang-alang ng mga guro ang modelong eklektiko para mapahusay ng mga estudyante sa pagganap sa pagbabasa (Dizon & Sanchez, 2020)

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Layon ng pananaliksik na malinang ang akademikong pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral bilang tugon sa lumalalang bilang ng mga *Frustrated Readers* sa sekondarya, kung gayon sinuri ng mananaliksik ang bisa ng eklektikong modelo gamit ang kombinasyong pamamaraan ng *basal reading approach at language experience approach* upang mapaunlad kanilang kakayahang bumasa.

Ipinapakita ng bawat pamantayan sa pagtataya sa antas ng integrasyon ng modelong eklektiko ang mataas na pagtanggap bilang mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa gamit ng modelong eklektiko. Malawak ang pagiging batayan sa pagiging mainam na gamitin ang modelong eklektiko bilang pamamaraang panturo para mapahusay ang kasanayan at kakayahang bumasa ng mga mag-aaral.

Hindi nakitaan ng mataas na pagganap o mahinang pagganap sa pagbasa ang mga bata bago gamitin sa aktuwal na pagtuturo ang modelong eklektiko ngunit kinakitaan ng pag-angat sa antas sa akademikong pagganap sa pagbasa batay sa panghuling pagsusulit na ginamitan ng modelong eklektiko na may kombinasyong pamamaraan na


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

*basal reading approach at language experience approach.* Kung kaya, epektibo ang paglalapat ng modelong eklektiko sa pagpapaunlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Higit na ipinamalas ang malaking gampanin ng mga makabagong pamamaraan o ang inilapat na kombinasyong estratehiya upang paunlarin ang kakayanan ng mga estudyante sa pagbasa.

Masasabing may epektibong pagkatuto at pag-unlad ang mga mag-aaral sa kahusayan sa pagbasa batay sa pagtaas ng marka sa pagsusulit sapagkat kinakitaan ng makabuluhang pagkakaiba ang naging iskor ng mga estudyante bago at pagkatapos ng pagsusulit. Ang paggamit sa pagtuturo ng modelong eklektiko ay nagpapakita na epektibo at kabisaan ng estratehiya sa pagpapahusay sa akademikong pagganap sa pagbasa kung kaya, higit na epektibo ang pagtuturo sa pagbasa gamit ang modelong eklektiko at nakapag-aangat sa pagkatuto.

Mabisa ang modelong eklektiko sa pagpukaw ng motibasyon at pagiging akma nito na tugunan ang pangangailangan ng mga estudyante sa pagbasa batay sa resulta ng lubos na pagtanggap mula sa mga guro at mag-aaral. Ang modelong eklektiko ay epektibong pamamaraan para kakitaan ng pag-unlad ang mga estudyante sa larangan ng pagbasa.

Sa kabuoan, ang pagtuturo sa pagbasa na may lapat ng pinagsamang pamamaraan partikular ang paggamit ng *basal reading approach at language experience approach* ay higit na napabubuti ang pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga guro ng pagbasa ang paggamit ng modelong eklektiko gamit ang kombinasyong pamamaraang *basal reading at language experience* sa pagtuturo upang masiguro na higit na mapataas ng mga-aaaral ang kanilang akademikong pagganap.
2. Iminumungkahi sa pamunuan ng departamento ng edukasyon ang pagsasagawa ng mga seminar-workshops na nagpapakilala sa modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa upang mabigyan ng intensibong pansin ang problema ng mga paaralan sa sekondarya kaugnay sa mga *frustrated readers*.
3. Hinihimok ang pamunuan ng mga paaralan na pag-ibayuhin ang pagsasanay sa mga guro sa pagbasa sa paggamit ng modelong eklektiko gamit ang kombinasyong pamamaraang *basal reading at language experience* sa pagtuturo ng pagbasa.
4. Hinihikayat sa mga guro ang paglalapat ng modelong eklektiko gamit ang kombinasyong pamamaraang *basal reading at language experience* sa pagtuturo ng pagbasa. Maaaring bumuo ng mga materyales sa pagbasa na sumusuporta sa mga kombinasyong estratehiya sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may mababang pagganap sa pagbasa.
5. Para sa pamunuan at mga guro ng mga paaralan, iminumungkahi ang pagsusulong at pagsaalang-alang ng integrasyon ng modelong eklektiko sa pagtuturo ng pagbasa at maging batayan sa pagbuo ng mas pinahusay na programa sa pagtuturo ng pagbasa na angkop sa mga may problema sa pagbabasa.
6. Inirerekomenda sa mga susunod na manananliksik ang mas malawakang pagsusuri sa kabisaan ng modelong eklektiko at ang pangmatagalang epekto ng mga pamamaraang ginamit sa *reading retension* ng mga mag-aaral at bigyang pansin ang mga estratehiyang ginamit sa pagsasagawa ng mga pagtataya at maging sa paggamit nito sa pagtuturo ng iba pang asignatura o larangan ng kaalaman.

## SANGGUNIAN

Azzahra, R. (2022). *The Influence of Using Eclectic Model on Students' Vocabulary Knowledge (A Pre-experimental Study at the Twelfth Grade of SMK Kesehatan Harapan Indonesia 3 Kota Tangerang in the Academic Year 2019/2020)* (Bachelor's thesis, Jakarta: FITK UIN Syarif Hidayatullah Jakarta). https://repository.uinjkt.ac.id/dspace/handle/123456789/62795

Brett, T. (2020, March). Principled Eclecticism in the Classroom: Exploring the use of Alternative Methodologies in ELT. In *Arab World English Journal (AWEJ) Proceedings of 2nd MEC TESOL Conference*. https://doi.org/10.59588/2350-8329.1337

Chernus, N., Sivkov, A., Savina, T., Sivkov, S., & Zolotovitskaya, A. (2022). The Modelong Eklektiko to Learning English. *Eurasian Journal of Applied Linguistics*, *8*(2). https://eric.ed.gov/?id=EJ1374636

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Department of Education (2023). PISA 2018 Philippine National Report. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/12/PISA-2018-Philippine-National-Report.pdf

District Education Office Report 2023

Dizon, E. C., & Sanchez, R. D. (2020). Improving Select Grade 7 Filipino Students' Reading Performance Using the Eclectic Model. *Journal of World Englishes and Educational Practices*, *2*(2), 216-221. https://al-kindipublishers.org/index.php/jweep/article/view/2005

Dizon, G. (2021). Subscription video streaming for informal foreign language learning: Japanese EFL students' practices and perceptions. *Tesol Journal*, *12*(2), e566. https://doi.org/10.1002/tesj.566

García, J. R., Sanchez, E., Cain, K., & Montoya, J. M. (2019). Cross-sectional study of the contribution of rhetorical competence to children's expository texts comprehension between third-and sixth-grade. *Learning and Individual Differences*, *71*, https://doi.org/10.1016/j.lindif.2019.03.005

Ghafar, N. M. H. A., Rahmam, S., & Rahman, S. F. A. (2023). The Efficacy of the Modelong Eklektiko on Students Language Performance in ESL/EFL Classrooms: An Overview (2019-2023). *International Journal of Academic Research in Business & Social Science, 13*(8). http://dx.doi.org/10.6007/IJARBSS/v13-i8/17346

Julita, R. (2023). The Impact of Gamification on EFl Students' Reading Comprehension. *Journal of English as a Foreign Language Education (JEFLE)*, *4*(2). https://doi.org/10.26418/jefle.v4i2.74901

Lampayan National High School Annual Report 2023

Liekum, L. B. (2022). Probing the Impact of the Modelong Eklektiko in the Reading Comprehension Competence of Basic Schools Pupils in Ghana: With Kuka Primary School in Focus. *American Journal of Multidisciplinary Research and Innovation*, *1*(6). https://doi.org/10.54536/ajmri.v1i6.808

Merriam, S. A. (2015). *Classic Literature and Struggling Readers in Middle School Grades Five through Eight* (Doctoral dissertation). http://hdl.handle.net/20.500.12648/5770

Mohamad, S. L. (2024). Learning Environment and Academic Engagement in Science of Junior High School Students. *Online Submission*, *141*(1). https://eric.ed.gov/?id=ED641550

Mylcheno, L. (2022). Secondary illiteracy is a consequence of the reading crisis. *Ivan Fedorov Book Chamber of Ukraine, Ukraine*, (1), 7-16. https://doi.org/10.36273/2076-9555.2022.2(307).10-19

Ninsiana, W., Laepe, A., Ali, M. T., & Ash-Sholihi, A. A. A. (2022). Modelong Eklektiko to English Textbook for Eleventh Grade Students of Senior High School. *Ta'dib Journal*, *25*(2). https://doi.org/10.31958/jt.v25i2.7285

OECD, C. (2022). 1. Key Policy Insights. *OECD economic surveys: New Zealand 2022*.

Ofosua, G. R. A. C. E. (2023). *Teaching methods employed by English teachers and their impacts on performance of English language at the JHS level a case of West Akim Municipality* (Doctoral dissertation, University of Education, Winneba). http://41.74.91.244:8080/handle/123456789/3795

Rehman, A. (2023). The Effectiveness of Eclectic Model in Learning English Verbs: A Case Study at Secondary Level in Multan City. *Jahan-e-Tahqeeq*, *6*(4). https://doi.org/10.61866/jt.v6i4.1012

Reyes, J. R. V., Mendoza, Z. J., & Vicedo, M. P. (2020). Reading Competency and Academic Performance of Learners



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Under Distance Learning Modalities. *International Journal for Research & Technology, 4*(1). https://uijrt.com/?s=Reading+Competency+and+Academic+Performance+of+Learners+Under+Distance+Learning+Modalities

Reyes, N., Narváez Cardona, E., & Navarro, F. (2022). Twenty years of research on reading and writing in Latin American higher education: Lessons learned from the ILEES initiative. https://wac.colostate.edu/docs/books/human/activity.pdf?trk=public_post_comment-text#page=337

Rizki, N. J., Qomariyah, S., Natadireja, U., Babullah, R., & Erviana, R. (2024). Implementasi Model Vark Dalam Penguasaan Kelas Untuk Meningkatkan Prestasi Siswa. *RISOMA: Jurnal Riset Sosial Humaniora dan Pendidikan*, *2*(1). https://doi.org/10.62383/risoma.v2i1.48

Rodriguez, M., Mundy, M. A., Kupczynski, L., & Challoo, L. (2018). Effects of Teaching Strategies on Student Success, Persistence, and Perceptions of Course Evaluations. *Research in Higher Education Journal*, *35*. https://eric.ed.gov/?id=EJ1194444

Stolyarov Yu, N. (2023). Support for Children's Reading in Different Countries of the World. Review of the New Edition. *Bibliotekovedenie [Russian Journal of Library Science]*, 72(1). (In Russ.) https://doi.org/10.25281/0869-608X-2023-72-1-62-70

Supiningsih, S. (2018). Penerapan Metode Pembelajaran Eclectic Dalam Pengajaran Writing. *SOSIOHUMANIORA: Jurnal Ilmiah Ilmu Sosial Dan Humaniora*, *4*(1). https://doi.org/10.30738/sosio.v4i1.2544

Valencia, B. J., Fernández, S. L., & Cuartas, M. T. (2024). Students' reading comprehension: an educational case about a methodological proposal in education. *Pensamiento Americano*, https://doi.org/10.21803/penamer.17.33.612


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!